Name : ________________________________________________

Topic: Pang-abay na Pamanahon

SCHOOLKID.PH
http://www.schoolkid.ph
Contributor : RFAquino

**PANUTO:** Bilugan ang pang-abay na pamanahon.

1. Napansin kaagad ni Mang Jose na nasira ang telebisyon kaya ipinagawa na niya ito.

2. Ipinanganak si Aling Lucing noong 1935.

3. Ipinatupad ang batas ukol sa pag-aaral ng mga bata ng *Kindergarten* kamakailan lang.

4. Maglalaban sa basketbol ang pangkat A at pangkat D mamaya.

5. Masayang nagpunta ang mga pamilya sa parke kaninang umaga.

6. Palagi kami nagdadasal bago kumain.

7. Si Ramon ay bumibili ng pandesal dati sa palengke.

8. Siguradong makakauha ako ng magandang laruan sa susunod na kapaskuhan.

9. Binigyan ng parangal kahapon ang mga batang nanalo sa *Quiz Bee*.

10. Bumibili si Teresa ng taho tuwing umaga.

11. Ang aming klase ay lumahok sa isang paligsahan noong Augusto.

12. Magkakaroon kami ng isang mahabang pagsusulit sa susunod na linggo.

13. Sa kasalukuyan ay naghahanap ng solusyon ang kapitan kung ano ang gagawin sa mga nasirang bahay.

14. Nakita ko kanina ang mahabang parada ng mga bulaklak.

15. Bibisita ang presidente ng Estados Unidos sa Pilipinas samakalawa.

Copyright 2012 www.schoolkid.ph All Rights Reserved. For Personal Use Only.